# *Mga Kinakailangan sa Pagtawag ng Dios Yugto 58*
# *Lubusin Gawin upang Panatilihin ang Iyong Pangalan sa Aklat ng Buhay*

Gaya ng tinalakay natin na mula sa panahon na tayo'y naligtas sa pamamagitan ng dugo ni Jesus tayo'y tinatakan ng Banal na Espiritu at ang ating pangalan ay nakasulat sa Aklat ng Buhay. Gayundin sinasabi ng Bibliya sa atin kapag nagkasala ang mga tao at patuloy sa kanilang mga paraan ng kasalanan ang kanilang mga pangalan ay mapapawi sa aklat ng buhay. Ating basahin ngayon sa Banal na Kasulatan na nagsasabi tungkol sa mga pangalan na nakasulat sa aklat ng buhay at ang mga pangalang mapapawi:

***"4 At sila'y nangagsisamba sa dragon, sapagka't ibinigay niya ang kaniyang kapamahalaan sa hayop; at nangagsisamba sa hayop, na nangagsasabi, Sino ang kagaya ng hayop? at sinong makababaka sa kaniya? 8 At ang lahat ng nangananahan sa lupa ay magsisisamba sa kaniya, na ang kanikaniyang pangalan ay hindi nasusulat sa aklat ng buhay ng Cordero na pinatay buhat nang itatag ang sanglibutan." (Pahayag 13:4, 8 KJV)*** Ang mga sumasamba sa hayop, sa dragon, sa diablo, ang kanilang mga pangalan ay hindi nakasulat sa Cordero ng Dios. Ang mga nalinlang ng hayop, ng diablo ang kanilang pangalan ay hindi nakasulat sa aklat ng buhay, ***"8 At ang hayop na nakita mo ay naging siya, at wala na; at malapit ng umahon sa kalaliman, at patungo sa kapahamakan. At silang mga nananahan sa lupa ay manggigilalas na ang kanilang pangalan ay hindi nakasulat sa aklat ng buhay mula nang itatag ang sanglibutan, pagkakita nila sa hayop, kung paano naging siya at wala na, at darating." (Pahayag 17:8 KJV)***

***"12 At nakita ko ang mga patay, malalaki at maliliit, na nangakatayo sa harapan ng luklukan; at nangabuksan ang mga aklat: at nabuksan ang ibang aklat, na siyang aklat ng buhay: at ang mga patay ay hinatulan ayon sa mga bagay na nasusulat sa mga aklat, ayon sa kanilang mga gawa. 15 At kung ang sinoman ay hindi nasumpungang nakasulat sa aklat ng buhay, ay ibinulid sa dagatdagatang apoy." (Pahayag 20:12. 15 KJV)*** Sa araw ng Paghuhukom sa harapan habang sa luklukan ng Dios ang mga pangalang hindi nakasulat sa aklat ng buhay sila'y itatapon sa dagatdagatang apoy.

Ang mga namumuhay sa kasalanan at karumihan, sa kasinungalingan, pandaraya, pagnanakaw, sa imoralidad, pangkukulam, atbp, ang kanilang pangalan ay mapapawi mula sa aklat ng buhay at hindi sila makakapasok sa banal na lungsod, ang Makalangit na Jerusalem na inihanda ni Jesus para sa atin, ***"27 At hindi papasok doon sa anomang paraan ang anomang bagay na karumaldumal, o siyang gumagawa ng kasuklamsuklam at ng kasinungalingan: kundi yaon lamang na mga nakasulat sa aklat ng buhay ng Cordero." (Pahayag 21:27 KJV)***

***"19 At kung ang sinoman ay magalis sa mga salita ng aklat ng hulang ito, ay aalisin ng Dios ang kaniyang bahagi sa punong kahoy ng buhay, at sa bayang banal, na nangakasulat sa aklat na ito." (Pahayag 22:19 KJV)*** Ang mga nag alis ng Banal na Kasulatan mula sa Bibliya at itinapon ang mga ito at hindi tinupad ang mga ito ang kanilang mga pangalan ay mapapawi mula sa aklat ng buhay.

Ipinagpapatuloy natin ang mga pangyayari sa Bibliya na nagsasabi sa atin sa ilalim sa kung anong mga pagkakataon at kalagayan na papawiin ng Dios ang mga pangalan ng Kanyang bayan na patuloy na binigong sundin Siya.

Sinalita natin noon:

***1**. **<u>Sa salaysay ng gintong guya</u>***:
***2**. **<u>Sa paghahanda ni Moises sa mga Israelita</u>***:
***3. <u>Sa pagkikita kay Simon, na mangkukulam</u>***:
**4. <u>Sa mensahe ng Dios sa simbahan sa Sardis</u>**: ***"1 At sa anghel ng iglesia sa Sardis ay isulat mo: Ang mga bagay na ito ay sinasabi ng may pitong Espiritu ng Dios, at may pitong bituin: Nalalaman ko ang iyong mga gawa, na ikaw ay may pangalang ikaw ay nabubuhay, at ikaw ay patay. 2 Magpuyat ka, at pagtibayin mo ang mga bagay na natitira, na malapit ng mamatay: sapagka't wala akong nasumpungang iyong mga gawang sakdal sa harapan ng aking Dios. 3 Alalahanin mo nga kung paanong iyong tinanggap at narinig; at ito'y tuparin mo, at magsisi ka. Kaya't kung hindi ka magpupuyat ay pariiriyan akong gaya ng magnanakaw, at hindi mo malalaman kung anong panahon pariiriyan ako sa iyo. 4 Nguni't mayroon kang ilang pangalan sa Sardis na hindi nangagdumi ng kanilang mga damit: at sila'y kasama kong magsisilakad na may mga damit na maputi; sapagka't sila'y karapatdapat. 5 Ang magtagumpay ay daramtang gayon ng mga mapuputing damit; at hindi ko papawiin sa anomang paraan ang kaniyang pangalan sa aklat ng buhay, at ipahahayag ko ang kaniyang pangalan sa harapan ng aking Ama, at sa harapan ng kaniyang mga anghel. 6 Ang may pakinig, ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga iglesia." (Pahayag 3:1-6 KJV)***

Ang mensahe ng Panginoon sa simbahan sa Sardis ay sinasabi nang malinaw kung paano nating kailangang lubusing gawin ang ating kaligtasan nang may takot at panginginig.
***"3 Alalahanin mo nga kung paanong iyong tinanggap at narinig; at ito'y tuparin mo, at magsisi ka."*** Sinabi rin ni Pablo sa simbahan ng mga Taga-Filipos:
***"12 Kaya nga, mga minamahal ko, kung paano ang inyong laging pagsunod, na hindi lamang sa harapan ko, kundi bagkus pa ngayong ako'y wala, ay lubusin ninyo ang gawain ng inyong sariling pagkaligtas na may takot at panginginig;" (Filipos 2:12 KJV)*** Sinasabi ni Pablo sa kanila na pagyamanin ang kanilang kaligtasan, at nangangahulugan ito na panatilihin at patatagin ang kanilang tinanggap – ang biyaya ng kaligtasan sa pamamagitan ni JesuCristo, ang mg espirituwal na mga kaloob at ang mga materyal na mga bagay na natanggap nila mula sa Dios. Sa parehong paraan, natanggap na natin ang turo ng Panginoon at tayo'y may pananagutan na tumugon at kumilos o lubusing gawin ayon sa kalooban at plano ng Dios na itinalaga para sa atin.

Sa pagbabalik sa aklat ng Pahayag sa simbahan ng Sardis, ang buong tatak ng paparating na paghatol ng Dios sa simbahang ito ay nasa sumusunod na pahayag sa talata 2: ***"sapagka't wala akong nasumpungang iyong mga gawang sakdal sa harapan ng aking Dios."*** Walang nakita ang Panginoon na perpekto sa mga gawa ng mga Cristiano sa Sardis. Bilang isang simbahan at katawan ni Cristo, sila'y nakarinig at tumanggap ng mga aral mula sa Panginoon; nasimulan na nilang gawin ngunit hindi nila natapos at pinagtibay ang gawaing hinihingi ng Panginoon.

Ang makalangit na katangian ay isang malaking kalamangan upang maging produktibo at epektibo. Sa kabilang banda, ang mga sumusunod na katangian ay nagiging sanhi upang hindi natin matapos ang gawain o perpekto ang tungkulin na kinakailangan ng Dios at sa gayon ay magdadala sa atin sa paghuhukom, at iyon ang nangyari sa simbahan ng Sardis na sa huli'y tinawag silang patay na simbahan:

**1. Katamaran:** Ang katangiang mabilis na magugpong ng apoy ngunit hayaan itong mamatay ay katulad ng katamaran. ***"At sa anghel ng iglesia sa Sardis ay isulat mo: Ang mga bagay na ito ay sinasabi ng may pitong Espiritu ng Dios, at may pitong bituin: Nalalaman ko ang iyong mga gawa, na ikaw ay may pangalang ikaw ay nabubuhay, at ikaw ay patay." (Pahayag 3:1 KJV)*** Sa **Kawikaan 18:9** sinasabi, ***"9 Siya mang walang bahala sa kaniyang gawain ay kapatid siya ng maninira." (Kawikaan 18:9 KJV)*** Ang tamad na mga tao ay dahilan ng maraming pagsasayang ng oras. Ang hindi pagnanais na magpatuloy at tiisin ng mga kaguluhan ay isa pang palatandaan ng katamaran na sa huli'y magdadala sa atin na isantabi ang gawain ng Dios na ipinagkatiwala Niya sa atin.

**2. Paiba-iba**: Maaaring aktibo at masipag tayo ngayon at bukas, ngunit sa ikatlong araw o sa susunod ay isinasantabi ang ipinagkatiwala sa atin. Nagsisimula tayo ng isang bagay ngunit sa kalaunan ay gumagawa tayo ng iba at ang resulta ay hindi kumpletong trabaho.

**3. Kawalan ng kagustuhan na tumugon sa pagtutuwid:** Sinabi ng Panginoon sa simbahan sa Sardis: ***"2 Magpuyat ka, at pagtibayin mo ang mga bagay na natitira, na malapit ng mamatay: sapagka't wala akong nasumpungang iyong mga gawang sakdal sa harapan ng aking Dios. " (Pahayag 3:2 KJV)*** Mukhang hindi ito ang unang pagkakataon na tinawagan ng Panginoon ang simbahan patungkol sa kanilang pagiging mapagpabaya at hindi sakdal, ngunit malamang na hindi sila handang tumugon. Hahatulan ng Panginoon ang anumang uri ng pagtanggi na magpatuloy na tapusin ang gawain ng Dios.

Tanggapin natin ang mensahe upang ituro at gumabay sa ating mga buhay upang tapusin ang gawain na ipinagkatiwala sa atin ng Panginoon, sa Kanyang mga lingkod at Kanyang simbahan. Iwasan natin at alisin ang mga saloobin at katangian na nagiging sanhi ng ating mga gawain at serbisyo na hindi kumpleto at hindi perpekto sa paningin ng Dios.

***A. <u>Magpuyat</u>:*** Nais ng Dios sa iyo na gumising at simulang bantayan ang iyong buhay at makita ang maling mga bagay at ituwid ang mga ito. ***"14 Kaya sinasabi niya, Gumising kang natutulog, at magbangon ka sa gitna ng mga patay, at liliwanagan ka ni Cristo." (Epeso 5:14 KJV)*** Panahon na para sa iyo na magising at mapagtanto na kung bakit ang iyong paninindigan ay hindi matuwid sa harap ng Dios. Ito ay panahon para sa iyo na ituwid ang mga bagay at simulang lumakad nang tapat sa ating Panginoon at Panginoong JesuCristo.

***B. <u>Patatagin ang mga bagay na natitira, na malapit ng mamatay sapagka't wala akong nasumpungang iyong mga gawang sakdal sa harapan ng aking Dios</u>:*** Narito ay binibigyan ka ng Panginoon ng isa pang pagkakataon na ituwid ang iyong sarili, bago Siya bumalik, kaya ngayon ay may pag asa ka at bagong pagkakataon na gamitin ang nalalabing panahon at mapagkukunan upang makamit ang mga bagay para sa kaluwalhatian ng Dios gaya ng inaasahan Niya mula sa iyo.

***C. <u>Alalahanin mo kung paano mong tinanggap</u>:*** Umupo tayo kasama ng Panginoon at alalahanin ang mga bagay na tinanggap natin mula sa Kanya Ating isipin ang tungkol na hiniling ng Dios na gawin natin para sa Kanya. Ang umupo kasama ang Panginoon ay pagbibigay ng oras para Siya ay mangusap sa atin sa pamamagitan ng Kanyang Salita at Kanyang Espiritu, upang buksan ang ating mga puso sa Kanya bilang tugon at hayaan Siyang ganap na mangasiwa sa atin at sa ating sitwasyon. Panatilihin natin ang isang talaan ng mga bagay na sinasabi sa atin ng Panginoon upang hindi natin makalimutan at magsikap nating gawin eksato ayon sa Kanyang sinabi sa atin.

***D. <u>Tuparin mo</u>:*** Nangangahulugang sundin ito at ipamuhay ang iyong narinig at sinabing gawin mula sa Salita ng Dios. ***"21 Kaya't ihiwalay ninyo ang lahat na karumihan at ang pagapaw ng kasamaan, at tanggapin ninyo na may kaamuan ang salitang itinanim, na makapagliligtas ng inyong mga kaluluwa. 22 Datapuwa't maging tagatupad kayo ng salita, at huwag tagapakinig lamang, na inyong dinadaya ang inyong sarili. 23 Sapagka't kung ang sinoman ay tagapakinig ng salita at hindi tagatupad, ay katulad siya ng isang tao na tinitingnan ang kaniyang talagang mukha sa salamin: 24 Sapagka't minamasdan niya ang kaniyang sarili, at siya'y umaalis at pagdaka'y kaniyang nalilimutan kung ano siya. 25 Nguni't ang nagsisiyasat ng sakdal na kautusan, ang kautusan ng kalayaan, at nananatiling gayon, na hindi tagapakinig na lumilimot, kundi tagatupad na gumagawa, ay pagpapalain ang taong ito sa kaniyang ginagawa." (Santiago 1:21-25 KJV)*** Upang sundin ang Salita ng Dios, ang sakdal na batas ng kalayaan at upang ipamuhay ito, pinapasakdal mo ang iyong mga daan sa harap ng Dios habang nakikinig at ginagawa ang Kanyang Salita.

***E. <u>At magsisi</u>:*** Ang magsisi ay huminto sa pagkakasala (itigil ang pagsisinungaling, imoralidad, pakikipag-away, pagnanakaw, atbp.) sa gayo'y makagawa ka ng mabuti at mabuo mo ang tungkulin para sa Kaharian ng Dios. ***"8 Kayo nga'y mangagbunga ng karapatdapat sa pagsisisi:" (Mateo 3:8 KJV)*** Ngayon ay umupo ka kasama ng Dios at maging mapanuri na makita kung paano nahahadlangan ng mga kasalanan ang iyong paggawa at pagtapos sa gawain ng Dios.

Isinulat din ng Apostol Pablo ang utos na ito sa simbahan ng mga Colosas: ***"17 At sabihin ninyo kay Arquipo, Ingatan mong tuparin ang ministerio na tinanggap mo sa Panginoon." (Colosas 4:17 KJV)*** Ang mensahe ng Panginoon sa pamamagitan ni Pablo ay malinaw

na na kailangang tapusin ni Arquipo ang gawing ipinagkatiwala sa kanya. Hiniling ni Pablo sa simbahan ng Colosas na kausapin si Arquipo na mag-ingat, bigyan siya ng babala at sabihin sa kanya na ang natanggap niya mula sa Panginoon, mula sa mga tagubilin, Salita ng Dios, ministeryo, at mga espirituwal na kaloob at pangangailangan ay kumpletuhin, tuparin at pasakdalin ang kanyang ministerio. * Gayundin, ang mensahe ay para sa iyo ngayon na tapusin ang sinimulan mo at huwag ipagwalang-bahala. Tinatawag ka ng Dios ngayon at muli upang tapusin ang gawain.

* Gayundn bilang simbahan, dapat din nating gampanan ang tungkulin at makipag-usap sa mga tao tulad ni Arquipo at hikayatin silang tapusin at perpektuhin ang ministerio at serbisyo ng Dios na ipinagkatiwala sa kanila.

Kailangan mong magtagumpay at tayo bilang simbahan ay kailangan ding magtagumpay at magpatuloy sa paglilingkod sa Dios at perpektohin ang ating gawain, upang ang ating mga pangalan ay hindi mapawi mula sa aklat ng buhay. ***"5 Ang magtagumpay ay daramtang gayon ng mga mapuputing damit; at hindi ko papawiin sa anomang paraan ang kaniyang pangalan sa aklat ng buhay, at ipahahayag ko ang kaniyang pangalan sa harapan ng aking Ama, at sa harapan ng kaniyang mga anghel." (Pahayag 3:5 KJV)***

Hinikayat din ni Pablo ang mga Cristiano sa Corinto na tapusin ang kanilang paglilingkod sa Panginoon. Kaya't sinugo ni Pablo si Tito sa simbahan ng Corinto upang tapusin ang gawain na kanyang sinimulan na tipunin mula sa kanila ng suporta na kinakailangan para sa mga banal. ***"6 Ano pa't namanhik kami kay Tito, na yamang siya'y nagpasimula nang una, ay siya na rin ang gumanap sa inyo ng biyayang ito." (2 Corinto 8:6 KJV)*** Sinimula ni Tito ang ministrong ito sa pamamagitan ng kanyang sariling pagkukusa at kahandaang maglingkod. Pinayuhan din ni Pablo ang mga Taga-Corinto sa pamamagitan ng kanyang sulat na makipagtulungan kay Tito at paghusayin sa pagbibigay gaya ng pag unlad nila sa pananampalataya, sa pagsasalita, sa kaalaman, sa lubos na pagsisikap at sa pagibig. ***"7 Datapuwa't yamang kayo'y nagsisisagana sa lahat ng mga bagay, sa pananampalataya, at pananalita, at kaalaman, at sa buong kasipagan, at sa inyong pagibig sa amin ay magsisagana naman kayo sa biyayang ito." (2 Corinto 8:7 KJV)*** Nais ng Panginoon sa atin na umunlad at dalhin ang kasukdulan ang anumang sinimulan natin para sa Kanya. Para sa kadahilanang ito, kailangan nating umunlad at magtagumopay sa lahat ng mga bagay, lalo na sa mga sumusunod na katangiang espirituwal:

1. Pagbibigay: pagbibigay ng iyong buhay, iyong oras, mga materyal na bagay, mga espirituwal na kaloob at anumang mayroon ka at natanggap mo sa Panginoon.
2. Pananampalataya: Pagtitiwala na gagawin ng Dios ang Kanyang ipinangako sa atin.
3. Pagsasalita: Patuloy na magsalita at ipangaral ang Salita ng Dios sa mga tao sa paligid natin at sa mga bagong lugar na dinadala tayo ng Dios.
4. Kaalaman: Matuto sa Salita ng Dios kung ano ang nais Niyang malaman at gawin natin para sa Kanya, at upang maging mapagmasid sa kalooban ng Dios.
5. Pagsusumikap: Maging aktibo sa paglilingkod at umiwas sa katamaran, kawalang-konsistensya o pagpapaliban.
6. Pag-ibig: maging handang magbigay, magpatawad, magsakripisyo, at tanggapin nang may kagalakan ang ipinapagawa sa atin ng Dios.

Napagpasyahan ni Pablo ang tagubiling ito at payo para sa bayan ng Dios at himukin sila at himukin tayo ngayon, na kompletuhin ang tungkulin na iginawad na itinawag sa atin na gawin. ***"10 At sa ganito'y ibinibigay ko ang aking pasiya: sapagka't ito'y nararapat sa inyo, na naunang nangagpasimula na may isang taon na, hindi lamang sa paggawa, kundi naman sa pagnanais. 11 Datapuwa't ngayo'y tapusin din naman ninyo ang paggawa; upang kung paanong nagkaroon ng sikap ng pagnanais, ay gayon din namang magkaroon ng pagkatapos ayon sa inyong kaya. 12 Sapagka't kung may sikap, ay tinatanggap ayon sa tinataglay, hindi ayon sa di tinataglay. " (2 Corinto 8:10-12 KJV)*** Sa parehong paraan, ikaw din sa araw na ito ay may mensahe mula sa Dios sa pamamagitan ng Kanyang simbahan, na sinimulan mo ang mabuting gawa ngunit kailangan mo itong tapusin, habang handa ang iyong isipan na tapusin ang gawain at mayroon kang kagustuhan, kung gayon tutulungan ka ng Panginoon sa paggawa nito. Kailangan mong magtagumpay at tayo bilang simbahan ay kailangan magtagumpay upang ang ating mga pangalan ay hindi mapawi mula sa aklat ng buhay. ***"5 Ang magtagumpay ay daramtang gayon ng mga mapuputing damit; at hindi ko papawiin sa anomang paraan ang kaniyang pangalan sa aklat ng buhay, at ipahahayag ko ang kaniyang pangalan sa harapan ng aking Ama, at sa harapan ng kaniyang mga anghel." (Pahayag 3:5 KJV)***

***Sa aking mahal at minamahal:*** Ang mensahe ng Dios sa tatlong mga simbahang ito, Sardis, Corinto at Colosas ay tungkol sa paglilingkod at ministeryo. Ang mga mananampalataya na tumatanggap na maraming mabubuting bagay mula sa Panginoon, higit sa lahat ang kaligtasan, ang espirituwal na mga kaloob, ang kaloob ng pananalangin, ang Salita ng Dios, ang nakasulat na Salita sa Bibliya at lahat ng mga pangako ngb Dios, ang materyal na mga bagay at kayamanan ng Dios, sila ay may pananagutan ngayon sa harap ng Dios. Gayundin ikaw ay may pananagutan sa harap ng Dios na yumaon at gawin ang gawain ng Dios at tapusin ang itinakdang gawain na itinalaga Niya para sa atin.

Ang Dios sa Kanyang Salita ay nagpapaliwanag sa atin na mas malinaw nating maunawaan ang mga bagay, kaya't habang binabasa natin ang Bibliya ay nalalaman natin ang mga alintuntunin na dapat nating ilapat sa ating mga buhay, ang mga katotohanan mula sa Salita ng Dios. Kaya't tayo ay magpatuloy na paunlarin ang ating kaligtasan sa pamamagitan ng paglalapat ng mga natutunan natin mula sa Salita ng Dios. Tayo ay magising, magsisi sa ating mga kasalanan, at magsumikap na ipatupad ang ating mga natutunan upang tapusim ang takdang gawain na ipinagkatiwala sa atin. Ang isang mananampalataya at sinanay na manggagawa na tumigil sa paglilingkod sa Dios, ang Kanyang pangalan ay mapapawi sa aklat ng buhay kung hindi siya magsisisi mula dito.

Hanggang sa nalalaman natin ang Salita ng katotohanan, ipatupad natin ito sa ating mga buhay at sa buhay ng ating mga anak at mga alagad upang hindi pawiin ng Dios ang ating mga pangalan mula sa Aklat ng Buhay. ***"29 Ang mga bagay na lihim ay nauukol sa***

***PANGINOON nating Dios: nguni't ang mga bagay na hayag ay nauukol sa atin at sa ating mga anak magpakailan man, upang ating magawa ang lahat ng mga salita ng kautusang ito." (Deutronomio 29:29 KJV)***

Ngayon lubusing gawin na panatilihin ang iyong pangalan na nakasulat sa aklat ng buhay sa pagtatalaga sa iyong sarili na patuloy na paglingkuran ang Dios, patuloy na mag evangelio, at gumawa ng mga alagad, at gawin ang anumang bagay na magagawa na iyong kamay para sa Panginoon upang paglingkuran Siya, at tapusin, at buuin at pasakdalin ang kasalukuyang gawain na mayroon ka mula sa Panginoon.

***Ang aking Panalangin:*** *Amang Dios Ako ay lumalapit sa iyong harapan sa pangalan ni Jesus na namatay sa Krus para sa aking mga kasalanan at nabuhay na maguli mula sa mga patay upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan. Panginoon salamat para sa iyong Salita na ipinakitang malinaw sa akin ang aking mga kasalanan at ang kailangan kong gawin upang magsisi at simulang gawin ang iyong kalooban.*

*Ipagtapat ang iyong mga kasalanan at talikuran ang sumusuod na mga kasalanan______________.*
*Panginoon Tinalikdan ko ang sumusunod na makalaman at makamundonng paghahangad _____________________. Panginon Tinalikdan ako ang paggawa ng sariling kalooban.*

*Panginoon Ipinangako ko ang aking sarili sa mg alintunin na natutunan ko sa mensaheng ito. Panginoon Ipinangako ko ang aking sarli na yumaon at maglingkod sa iyo at magpatuloy sa gawain na ipinagkatiwala mong gawin ko. Panginoon Ipinangako ko ang aking sarili na lumakad sa iyong Salita at magpatuloy at paglingkuran ka at handang magdusa para sa iyo upang tapusin ang iyong gawain at ipatupad ang iyong kalooban sa aming buhay at sa buhay ng simbahan at sa ministrong ipinagkatiwala mo sa akin. Panginoon puspusin mo kaming muli ng Banal na Espiritu at pagandapatin mo kaming magevangelio at abutin ang bagong mga tao ng Evangelio ni JesuCristo at ng Salita ng Dios.*

*Panginoon, dalangin namin na pagingdapatin mo kaming magtanim ng pag aaral ng Bibliya at bagong mga kapisanan para sa simbahan at abutin ang bagong mga tao at lugar. Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay, at palayain kami sa kapahamakan upang hindi namin madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Dios at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Mga Kinkailangan sa Pagtawag ng Dios Yugto 58. Lubusin na Panatilihin ang iyong Pangalan sa Aklat ng Buhay Pahayag 13:4, 8. Pahayag 17:8. Pahayag 20:12, 15. Pahayag 21:27. Pahayag 22:19. Pahayag 3:1-6. Filipos 2:12. Kawikaan 18:9. Efeso 5:14. Santiago 1:21-25. Mateo 3:8. Colosas 4:17. 2 Corinto 8:6-7, 10-12. Deuteronomio 29:29.

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#:00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:

1576003753162014
IBAN:
AE380315157600375316 2014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito:
00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansiyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com.